

BATA at EDUKASYON

Mahalagang Impormasyon sa Pag-aaral



CONTENTS

- Panimula
- Mahalagang kaalaman sa Edukasyon at Pag-aaral ng Bata
- Pamamaraan sa Pagpasok sa Elementarya, Junior HS, Senior HS at Kolehiyo
- Ang pagkakaiba ng Junior High School sa Senior High School
- Kolehiyo
- Sistema ng Pag-aalalay sa Mag-aaral
- Suportang Pang-Edukasyon ng Kobe City
- Iskolarship
- Mga Paalala Tungkol sa Kalamidad at Sakuna
- Taunang Kalendaryo para sa Elementarya
- Pista Opisyal / National Holiday
- Talaan ng mga salita
- Karagdagang Kaalaman

情報収集・執筆 野田 ジーン
デザイン・編集 井之上 章子

BATA at EDUKASYON

Mahalagang Impormasyon sa Pag-aaral



Index



Panimula	4
Mahalagang kaalaman sa Edukasyon at Pag-aaral ng Bata	6
● Pagpasok sa Kindergarten	
● Pagpasok sa Elementarya at Junior High School	
Pamamaraan sa Pagpasok sa Elementarya, Junior HS, Senior HS at Kolehiyo	7
● Elementarya	
● Junior High School	
● Senior High School	
Ang pagkakaiba ng Junior High School sa Senior High School	9
● Kaibahan ng Junior HS at Senior HS	
● Merito ng pagtatapos sa Senior HS	
Kolehiyo	10
Sistema ng Pag-aalalay sa Mag-aaral	11
● Interpreter o Tagapagsalin ng Wika	
● Suportang Pinansiyal	

Suportang Pang-Edukasyon ng Kobe City 12

- Iksemsyon o pagbawas ng matrikula para sa Kobe Municipal Kindergarten
- Tulong sa pagbayad ng pang-unang bayarin at matrikula sa pribadong kindergarten
- Tulong sa mga kagamitan sa pagsulat, pang-edukasyong material at kyushoku
- Suportang Pang-edukasyon para sa High School
- Sistema sa pagbawas ng matrikula o iksemsyon para sa Municipal Vocational High School

Iskolarship 13

- Kobe City High School Scholarship
- Kobe City College Scholarship

Mga Paalala Tungkol sa Kalamidad at Sakuna 15

- Keiho at Chuiho sa panahon ng lindol, bagyo at iba pang sakuna

Taunang Kalendaryo para sa Elementarya 17

Pista Opisyal / National Holiday 19

Talaan ng mga salita 20

Karagdagang Kaalaman 22

- Family Support Center
- Byouji Hoiku
- Yakan Byouin



Panimula

Ang booklet na ito ay kabuuan ng mga batas at kapaki-pakinabang na impormasyon para sa mas madali at mas matiwasay na pamumuhay bilang mag-aaral ng batang dayuhan sa bansang Hapon. Ito ay halaw sa iba't ibang libro na sinipi at sinalin sa wikang Tagalog. Minarapat naming na maibahagi ang mga mahahalagang kaalaman tungkol sa mga bata at buhay bilang mag-aaral. Layunin ng booklet na ito ang ipaabot ang mga kapaki-pakinabang na impormasyon upang maging gabay ng natatanging inang dayuhan na patuloy na sumusuporta sa pag-aaral at edukasyon ng mga anak.

Ang AWEPP (Asian Women's Empowerment Project) ay nagsimula sa pagbibigay ng mga impormasyon at konsultasyon sa telepono para sa mga dayuhang babae mula noong 1995 panahon ng "Great Hanshin Awaji Earthquake Disaster". Dahil dito, nalaman ang agwat o gap sa pagbibigay impormasyon sa pagitan ng Hapon at mga dayuhan lalo na ang taga Asya. Isa sa mga pangunahing balakid sa mga impormasyon ay ang wikang Hapon sapagkat halos lahat ng ito ay nakasulat sa Kanji. Sa ngayon, marami na ring mga guidebook na nakasalinwika kaysa noong nakaraang panahon. Mayroon rin iba't ibang impormasyon na makikita sa internet ngunit di lahat ay may paraang makakuha nito. Lahat ng tao, ano man ang nasyonalidad ay may karapatan sa mga impormasyon. Na ito ay dapat laganap at mapapakinabangan ng mas nakararami.



Ito ang kabuuan at buod ng lahat ng mga nararapat na alaming impormasyon tungkol sa mga Bata at Edukasyon. Karamihan sa mga nakalap na impormasyon ay nakabatay sa mga palatanungan at personal na konsultasyon at karanasan at isinulat ito sa simple at madaling wikang Hapon at nasa wikang Ingles rin. Isinalin namin ito sa Tagalog upang mas epektibo at madaling maunawaan.

Ito ang natatangi at espesyal na booklet na kumikilala sa kahalagahan ng Bata at ng Pag-Aaral. Ang layunin ng guidebook na ito ay upang magkaroon ng kaalaman ang mga dayuhang Ina sa buhay pag-aaral ng mga anak at lahat ng kaakibat nito. Pinadali at ginawang mas edukasyonal ang booklet na ito upang lalong maitaas ang antas ng kaalaman ng bawa't kababaihan. Hangad naming maging epektibo sa pagtulong, pagkakaroon ng tamang kaalaman at pagbibigay kapangyarihan at kalayaan sa pagdesisyon sa bawa't bagay. At higit sa lahat upang ang lahat ng impormasyon ay umabot at mapakinabangan ng nakararami.

Asian Women's Empowerment Project

Mahalagang Kaalaman sa Edukasyon at Pag-aaral ng Bata

Pagpasok sa Kindergarten



Ang mga batang nasa edad 3 hanggang 5 taong gulang ay maaaring pumasok sa lokal na kindergarten maliban kung sila'y hindi naka-enrol sa narseri. Pumunta lamang sa napiling Kindergarten para sa inyong anak, punan ang application form at mag-apply.

Pagpasok sa Elementarya at Junior High School

Maaaring makapag-aral sa Elementarya ang mga batang nag- 6 na taong gulang sa buwan ng Abril. Ang pag-aaral ng elementarya ay hanggang anim na taon. Ito ay mandatory o ipinag-uutos na naaayon sa batas. Gayundin para sa Junior High School, ang pag-aaral ay mandatory o ipinag-uutos na naaayon sa batas. Ang mga dayuhang bata na naka-enrol sa Elementarya at Junior High School ay maaaring makatanggap ng suporta sa pag-aaral mula sa multi-cultural supporters kung saan may nakakapag-salita ng kanilang wika. May mga espesyal na klase sa mga batang may espesyal na pangangailangan.

Ang tuition fee o matrikula ay **walang bayad** sa pampublikong paaralan sa Elementarya at Junior High School, bagamat kailangan bayaran ang "kyushoku" (school lunch).



Maaaring makahingi ng tulong kung kakailanganin ang tulong pampinansiyal. Magtanong lamang sa may munisipyo o sa paaralan ng bata.

Pamamaraan sa Pagpasok sa Elementarya, Junior HS, Senior HS at Kolehiyo

Elementarya

1) Makakatanggap ang batang nasa tamang edad para makapag-aral sa Abril ng Enrollment Notification to Elementary School sa Setyembre ng nakaraan taon mula sa siyudad kung saan nakarehistro ang tirahan ng bata. Kinakailangan mag-apply para sa mandatory education sa bansang Hapon dahil may mga ibang dayuhan na di nagnanais paaralin ang bata sa paaralan ng Hapon. Matapos mag-apply, makakatanggap ng



pre-enrollment health examination notification sa Oktubre. Ipa-check ang kalusugan ng bata sa lokal na paaralan sa takdang araw na ibinigay. Sa Pebrero, makakatanggap ng enrollment information. Sa Abril, maaaring dumalo sa Entrance Ceremony sa paaralan ng bata.

2) Maaaring makapag-aral ang dayuhang bata sa paaralan bagamat di-mamamayan ng Hapon. Makakalahok at makakapag-aral kasama ng mga ka-edad. Mag-apply lamang sa "Shimin-ka" (Citizen Service Section) o sa Board of Education sa inyong siyudad.



Mga Bagay na Kailangan sa Pag-Enrol ng Bata

Kung magpapa-enrol ng bata sa bagong paaralan ng Hapon, kailangan dalhin ang mga dokumento gaya ng Certificate of Enrolment at Transcripts mula sa paaralan ng bansang pinanggalingan. Lahat ng ito ay tatalakayin sa paaralan upang mas lalong mapabuti ang buhay mag-aaral.

- Pangalan ng Bata
- Kaarawan
- Tirahan
- Impormasyon ng Pamilya
- Paano mag-bibiyahe ang bata papuntang paaralan
- Paano makokontak ang pamilya kapag may-emergency (o di kaya naman ang miyembro ng pamilya o ang tagapag-salin wika ay kailangan makontak
- Ang lebel ng Niponggo ng bata at ng pamilya
- Pinag-aralan o Educational Background
- Inaasahang pagtagal sa bansang Hapon.
- Ilang taon nag-aral sa pinanggalingan bansa o aning baitang sa pag-aaral
- Kalagayang pangkalusugan (kung may dating karamdaman, problema sa paningin, pandinig, at malalang sakit o mga allergies)



Junior High School

Sa pangkalahatan, walang espesyal na pangangailangan para makapag-aral ang bata sa Junior High School kung siya ay nasa ika-6 na baitang sa kanyang paaralan. Subalit, may ibang siyudad na humihingi ng admission mula sa Board of Education para sa mga batang dayuhan. Magtanong lamang sa lokal na Junior High School o sa munisipyo.

Senior High School

Ang mga nagtapos ng Junior High School o nakapag-aral ng 9 na taon sa ibang bansa ay maaaring makapasok sa Senior High School ng Japan, subalit base sa prinsipyo, ito ay hindi nangangahulugang tumatanggap ng mag-aaral na nagtapos sa isang Non-Japanese Junior High School dahil ito ay hindi maaaring kumuha ng entrance examination upang makapasok ng Senior High School. Sa kabilang banda, may mga prefecture na pinapayagan ng Board of Education na makakuha ng pagsusulit ang bata, mangyaring kumunsulta lamang sa Board of Education. Kung maipasa ang pagsusulit upang makakuha ng "Sertipikasyon na Nakapagtapos ng Junior High School", maaaring kumuha ng Entrance Examination para makapag-aral sa Senior High School.

Ang pagkakaiba ng Junior High School sa Senior High School

Ang Kaibahan ng Junior High School sa Senior High School

Ang pinaka-malaking kaibahan ng junior high school sa senior high school ay ang mas mahirap maipasa ang grado upang makapagtapos. Ang Junior High School ay mandatory o pinag-uutos na naayon sa batas, kaya't hindi posible na may maiwanang taon sa pag-aaral. Sa Senior High School kapag ang grado ay masyadong mababa o lagpak at hindi pumapasok sa paaralan ay maaaring hindi makapagtapos.

Ang Merito ng pagtatapos sa Senior High School

Kapag nakatapos sa Senior High School, maaaring kumuha ng entrance exam sa Unibersidad, Junior College, Technical/Vocational Schools. At isa pa, maaaring makakuha ng kwalipikasyon upang makakuha ng trabaho. Ang ibang kumpanya ay nangangailangan na ang empleyado ay nakapagtapos man lang ng Senior High School.

DOWNLOAD

Maaaring i-download mula sa homepage ng Ministry of Education, Culture and Sports, Science and Technology ang “Enrollment Guidebook Para sa mga Batang Dayuhan” upang makapag-simula ng pag-aaral sa Japan. Nakasalin ito sa mga wikang Ingles, Koreyano, Biyetnam, Tagalog, Intsik, Portuges at Espanyol.



http://www.mext.go.jp/a_menu/shotou/clarinet/003/1320860.htm

Kolehiyo

Mga kailangan para sa pagpasok sa Kolehiyo.

- Nakapagtapos ng Senior High School sa Japan.
- Nakapagtapos ng Senior High School sa ibang bansa.
Paalala: Kahit na nakapagtapos ng pag-aaral sa isang International School sa Japan ay hindi nangangahulugan na maaari ng kumuha ng College Entrance Exam.
- Naipasa ang pagsusulit na “College Entrance Examination” .
- Nakapagtapos ng pag-aaral sa isang Japanese Educational Institution sa ibang bansa (High School para sa mga Hapon) na kinikilala ng Ministry of Education.
- Nakapagtapos sa isang Foreign School sa Japan na may International Baccalaurete (IB) o nakamit ang mga kwalipikasyon para sa ABITUR system.





Sistema ng pag-aalalay sa mag-aaral

Interpreter o Tagapagsalin ng wika

Mayoong serbisyong tagapagsalin ng wika para matulungan ang batang dayuhan na naka-enrol sa paaralang Hapon. Maaaring makipag-ugnayan sa paaralan o sa Board of Education upang humingi ng tagapagsalin ng wika. Ang mga tagapagsalin ng wika ay tumutulong sa pag-aaral, nagbibigay-suporta sa buhay, sa paaralan at para mapabuti ang komunikasyon sa pagitan ng guro at ng mga magulang.



Sa Hyogo-Ken, maaaring sumagguni tungkol sa pag-aaral ng batang dayuhan. Tumawag at humingi ng serbisyong tagapagsalin ng wika kung kinakailangan..

Multicultural Children's Center (Kodomo Tabunka Kyousei Center)
Tumawag sa telepono 0797-35-4537. Lunes hanggang Biyernes.
Alas-9 hanggang alas-5 ng hapon.

Suportang Pinansiyal

Maaaring magkaroon ng iksemsyon sa pagbabayad ng matrikula para sa Elementarya at Junior High School ngunit kailangan bayaran ang kyushoku. Kung mahigpit ang pangangailangang pinansiyal, humingi ng aplikasyon para sa iksemsyon. Punan ang form, isama ang mga dokumentong kinakailangan at isumite sa paaralan. Hintayin lamang ang sagot na ipadadala ng Board of Education matapos suriin ang inyong kalagayang pinansyal.



Suportang Pang-Edukasyon ng Kobe City

Sa Kobe, maaaring makakuha ng iskolarship para sa mga mag-aaral na nahihirapang magbayad ng matrikula.

Check



Iksemsyon o pagbawas ng matrikula para sa Kobe Municipal kindergarten.

Magbibigay ng impormasyon ang pinapasukang kindergarten tungkol sa aplikasyon tatlong beses isang taon; umpisa sa Hunyo, pangalawa sa Nobyembre at pangatlo sa Pebrero.

Check



Tulong sa pagbayad ng pang-unang bayarin at matrikula sa pribadong kindergarten.

Ang kindergarten mismo ang magbibigay ng impormasyon tungkol dito.

Check



Tulong sa mga kagamitan sa pagsusulat, pang-edukasyong materyal at kyushoku para sa mag-aaral ng Municipal Elementary School at Junior High School.

Ang mag-aaral na may problemang pampinansiyal sa pampublikong paaralan ng Kobe ay mabibigyan ng tulong para sa kyushoku, libro at iba pa. Humingi lamang ng aplikasyon sa paaralan ng inyong anak para makapag-apply ng tulong.

Check



Suportang Pang-Edukasyon para sa Senior High School

Mula taon 2014 ang matrikula ay kailangan bayaran ng magulang ayon sa lebel ng kanilang kinikita. Kung ang kinikita ay lubhang napaka-baba, ang mag-aaral ay maaaring mag-apply ng Senior High School Education Support System upang mabawasan ang binabayaranang matrikula. Maaaring kumuha ang mag-aaral ng aplikasyon mula sa paaralan at isumite. Ang paaralan ang kukuha ng direktang tulong mula sa gobyerno. Ito ay hindi na kailangang bayaran o ibalik pa ng mag-aaral.



Sistema sa pagbawas ng matrikula o iksemsiyon para sa Municipal Vocational High School.

Ang mag-aaral ng Kobe City Senior High School at Vocational High School na hindi nakinabang sa Suportang Pang-Edukasyon sa High School ay maaari paring mag-apply para sa pagbawas sa matrikula. Mag-apply sa pinapasukang High School.



Iskolarship

Maraming uri ng Iskolarship at Sistema ng pag-loan para sa mga mag-aaral na may pinansiyal na pangangailangan, kasama ang loan na binibigay ng gobyerno. Ang mga mag-aaral na lubhang mahusay sa pag-aaral ay maaaring mabiyayaan ng espesyal na iskolarship. Sa pangkalahatan, ang mga Unibersidad ay nagbibigay ng patnubay sa mag-aaral sa buwan ng Abril at magpapaliwanag ng buong detalye ukol sa iba't ibang klase ng iskolarship.

● Kobe City Senior High School Scholarship

Ang Kobe City ay mayroong "Kobe City Scholarship System" upang tulungan ang mag-aaral na walang kakayahang pinansiyal para makapag-aral. Ang pinakamaagang panahon para mag-apply ng Iskolarship ay magsisimula sa Nobyembre sa nakaraan taon ng Junior High School. Magtanong lamang sa pinapasukang paaralan.

● Kobe City College Scholarship

Ang aplikasyon para sa Kobe City College Scholarship ay nagtatanggapan tuwing huling linggo ng Disyembre hanggang sa katapusan ng Enero. Siguraduhing magtanong sa inyong High School o sa Vocational High School na pinapasukan.

May iba pang iskolaship ang Hyogo Prefecture. Sumangguni sa pinapasukang High School. Upang makapag-loan para sa mga iba pang pangangailangang gastusin sa paaralan bago pumasok sa high school, magtanong lamang sa paaralan na ninanais pasukan.

- **Hyogo Prefecture Scholarship Fund**
- **Tuition Reduction Exemption
for Hyogo Prefectural High School Students**
- **Private High School Matriculation Loan**
- **Tuition Reduction / Exemption for Private High School Students**

Ang iba pang klase ng tulong at iskolarship ay mayroon sa pamamagitan ng paaralan. Lumapit lamang at magtanong sa paaralan ng bata.

- **日本政策金融公庫 Japan Finance Corporation(JFC)**
<http://www.jfc.go.jp/n/english/index.html>
- **日本学生支援機構 Japan Student Services Organization**
http://www.jasso.go.jp/index_e.html
- **あしなが育英会 ASHINAGA Scholarship Association.**
<http://www.ashinaga.org/en/>



Mga Paalala tungkol sa Kalamidad at Sakuna

**"KEIHO"(Warning) at "CHUIHO"(Advisory)
sa Panahon ng Lindol, Bagyo at iba pang Sakuna**

Pagpasok sa Paaralan sa Panahon ng Sakuna at mga Babala

- Kung lubhang masama ang panahon, panoorin sa telebisyon o makinig sa radyo upang masiguro ang kaligtasan ng bata. Maaari ring tumawag sa numero ng telepono 117 para sa bagong balita sa kalagayan ng panahon.
- Kapag mayroon "KEIHO" sa rehiyon, bayan o siyudad na tinitirahan sa oras ng pagpasok ng mga bata sa paaralan (AM), mahigpit na ipinagbibilin na manatili ang bata sa loob ng bahay.



Regions	Name of town or city
Northern Tajima	Toyooka, Kami, Shin-onsen
Southern Tajima	Yabu,Asago
Hokuban Tamba	Nishiwaki, Taka, Tamba,Sasayama
Hanshin Kobe	Kobe, Amagasaki, Nishinomiya, Ashiya,Itami, Takarazuka, Kawanishi, Inagawa, Sanda
Northwestern Harima	Kamikawa, Ichikawa, Fukusaki, Sayo, Shiso
Southeastern Harima	Akashi, Kakogawa, Takasago, Inami, Harima, Miki,Ono, Kasai, Kato
Southwestern Harima	Himeji, Ako, Aioi, Kamigori, Tatsuno, Taishi
Awaji Island	Sumoto, Awaji, Minami-Awaji

- Kung mayroong "KEIHO" matapos ang eskwela, paghihintayin ang mga bata sa loob ng paaralan o ihahatid ng guro ang bata hanggang sa bahay para masiguro ang kaligtasan.
- Kung ang "KEIHO" ay bumaba bilang "CHUIHO" o makansela bago _____, magsisimula ang klase gaya ng dati. Siguraduhin lamang na maayos at ligtas ang panahon bago papasukin ang bata sa paaralan. (Ang paaralan mismo ang kokontak sa inyo upang papasukin na ang bata)
 ※Tuloy ang klase kapag "CHUIHO" o paalala sa lagay ng panahon lamang ang lumabas.
- Kung hindi makakansela ang "KEIHO" bago _____, ang klase ay masususpende sa buong araw. Kahit na ang "KEIHO" ay makansela pagkatapos nito, hindi na kailangan pang papasukin ang mga bata.
- At iba pa
 - Kung mayroon natural na sakuna at di-ligtas ang bata na papasukin sa paaralan, manatili at maghintay sa loob ng bahay. Sa ganitong pagkakataon kailangang tumawag sa paaralan.
 - Matapos ang lindol na may dalang iba pang pinsala, maaaring di-ligtas na pumasok sa paaralan kaya't manatili na lamang sa bahay.



Taunang Kalendaryo para sa Elementarya

(nagkakaiba sa ibang paaralan)

Unang Termino (Abril – Hulyo)

Abril

Shigyoushiki

- Umpisa ng Termino
- At sa pang-2 at pang-3 termino

Nyugakushiki

- Pagbibigay pugay sa mga bagong mag-aaral
- Ang mga magulang ay inaasahang dumalo

Shintai Kensa

- Pagsusukat ng taas at bigat
- Pisikal na tsek-up, ngipin, mata, ihi at iba pa

Jugyou Sankan

- Pumupunta ang mga magulang sa paaralan upang masaksihan ang mga ginagawa sa loob ng klase.

Gakkyu Kondankai

- Ang Homeroom titser at ang mga magulang ay magdidiskusyon tungkol sa mga napapanahong mga bagay-bagay.

Ensoku

- Ang mga mag-aaral ay lumalabas ng paaralan upang magkaroon ng ibang karanasan sa ibang lugar. Kalangan magdala ng obento sa araw na ito.

Katei Houmon

- Ang homeroom titser ang pupunta sa inyong bahay upang makipag-usap sa mga magulang.

Hulyo

Swimming

- Sa summer, ang mga mag-aaral ay may swimming para sa P.E.

Kobetsu Kondan

- Ang bawat magulang ay makikipagkita sa guro sa may paaralan upang pag-usapan ang pag-aaral ng bata.

Shugyoushiki

- Katapusan ng termino
- Ang mga report ng grado sa pag-aaral ay ibibigay
- Ganoon din sa pang-2 at pang-3 termino

Natsu Yasumi

- Sa summer, ang mga mag-aaral ay may swimming para sa P.E.

Ikalawang Termino (Setyembre- Disyembre)

Setyembre

Undoukai

- Ang mga mag-aaral ay naglalaban-laban sa karera, relay, pagsayaw atbp.

Bousai Kunren

- Ang mag-aaral ay maghahanda para sa sakuna gaya ng lindol at sunog.

Ongakukai

- Ang mag-aaral ay magpapakita ng galling sa pagkanta, pag-gamit ng mga instrumento ng musika, pagsasadula sa entablado, at sining..

Disyembre

Fuyu Yasumi

- Tinatayang 14-na araw ang bakasyon (mula sa ika-24 ng Disyembre hanggang ika-7 ng Enero)

Unang Termino (Abril – Hulyo)

Abril

Taikan Kunren

- Ang mag-aaral ay pinatatakbo sa umaga sa loob ng paaralan o sa ibang oras ng araw upang mapalakas ang istamina ng katawan.

March

Sotsugyoushiki

- Dadalo ang mga magulang sa pagtatapos ng mag-aaral

Haru Yasumi

- Tinatayang 14-na araw Ang bakasyon

MEMO



Pista Opisyal / National Holiday

January 1 New Year`s Day	May 5 Children`s Day 
2nd Monday January Coming-of-Age Day	3rd Monday July Marine Day
February 11 National Foundation Day	August 11 Mountain Day 
February 23 Emperor`s Birthday	3rd Monday September Respect for the Aged Day
Around March 20 Vernal Equinox 	Around September 23 Autumnal Equinox
April 29 Showa Day 	2nd Monday October Health and Sports Day
May 3 Constitution Memorial Day	November 3 Culture Day 
May 4 Greenery Day 	November 23 Labor Thanksgiving _Day

Talaan ng mga salita

Kyushoku	school lunch o pananghalian sa paaralan
Keiho	warning o babala sa malakas na pag-ulan, lindol at iba pang kalamidad
Chuiho	advisory o paalala para sa kalamidad.
Shigyoushiki	umpisa ng taon ng pag-aaral
Nyugakushishi	pagpasok ng mga bagong mag-aaral sa paaralan
Shintai Kensa	pisikal na tsek-up sa loob ng paaralan.
Jugyou Sankan	pag-oberba ng mga magulang sa loob ng silid habang nagkaklase
Ensoku	field trip.
Obento	lunch pack na dinadala tuwing may ensoku
Katei Houmon	pagbisita ng titser sa bahay ng bata
Kobetsu Kondan	pakikipag-isap ng magulang sa titser tungkol sa pag-aaral ng bata.
Shugyoushiki	katapusan ng bawat termino ng pag-aaral.
Natsu Yasumi	bakasyon sa Summer
Undoukai	maghapong pagdiriwang ng isports fest. Kadalasan pinanood ng buong pamilya na may dalang baon para sa pananghalian.
Bousai Kunren	pagsasanay sa paglikas at pagligtas sa sarili sa panahon ng sakuna

Ongakukai	isang Music Festival kung saan magpapakita ang mga bata ng galling sa paggamit ng mga instrumentang pang- musika at pagkanta ng natatanging kanta.
Fuyu Yasumi	bakasyon sa panahon ng tag-lamig
Taikan Kunren	pag-eehersisyo gaya ng pagtakbo sa loob ng paaralan upang mapaghandaan ang nalalapit na taglamig.
Sotsugyoushiki	pagtatapos ng mag-aaral sa paaralan.
Haru Yasumi	Spring Break
Yakan Byouin	ospital o klinika na bukas ng gabi, araw ng linggo at piyesta opisyal
Byouji Hoiku	klinika na maaaring pagdalan ng anak kung may sakit at hindi maaaring pumasok sa hoikuen o paaralan.
Oyatsu	snacks o meryenda
Shonika	ospital o klinika para sa mga bata

MEMO





Karagdagang Kaalaman

Family Support Center



Tumutulong na mapagaan at tuloy-tuloy ang pagtatrabaho ng bawat magulang, single-parents man o hindi.

Mag apply upang makakuha ng serbisyo ng volunteer upang sumundo sa inyong anak sa panahon ng pag-oobertym o kung kayo ay kinakailangan pumunta sa ospital o ibang importanteng lakad. Makikipag-ugnayan ang Family Support sa volunteer na malapit sa inyong tirahan upang maipakilala at magkausap ukol sa proseso ng pagbabantay sa inyong anak.

Kayo rin ay maaaring lumahok bilang volunteer. Magsusundo ng bata at magtitingin sa pinag-usapan oras at araw.

Family Support Center

Kobe General Children's Center 6th floor
1-3-1 Higashikawasaki-cho, Chuo-ku, Kobe
TEL: 078-335-6100 FAX: 078-335-6101

Byouji Hoiku

Kung ang inyong anak ay may lagnat at hindi maaaring tanggapin sa hoikuen ngunit kailangan magtrabaho, maaari niyong dalhin ang bata sa isang Byouji Hoiku o klinika. Dito ay may magbabantay, mangangalaga at magpapainom ng gamot sa inyong anak. Ang mga nars at doktor ang makakasama ng inyong anak kaya't makakaasa na mapapangalagaan ang inyong anak. Maaaring ilagak ang bata sa klinika kung ilan oras ang inyong trabaho. Mas mataas ng kaunti ang bayad (2000 円) para sa isang bata kada isang araw, may kasama ng oyatsu.

Ngunit kinakailangang magpatingin muna sa klinika para maitala sa listahan ang inyong pangalan upang sa araw na kakailanganin ay mas mabilis at hindi na maabala pa.

Itong Sistema na ito ay maaari niyong mapakinabangan. Hanapin lamang ang klinika o ospital na mayroon Byouji Hoiku. Ang listahan sa ibaba ay ilan sa mga Byouji Hoiku na maaari ninyong puntahan. Hanapin lamang ang mas malapit sa inyong tirahan.

Listahang ng Byouji Hoiku

Ward	Name	Address	TEL	Capacity	Hours
Higashi-nada	Kupu Kupu	1F, 3-6-18 Konan-cho, Higashinada-ku	078-436-1155	9	8:00-18:30(Weekday)
	Mola Mola	2F, 3-2-2 Konan-cho, Higashinada-ku	078-431-5555	13	
	KIBOKO YAO	2F, 2-13 Koyochi-Naka, Higashinada-ku	078-841-5055	9	8:00-18:30(Weekday) 8:00-13:00 (Saturday, irregularly)
	Kakekko	2-2-5-401 Mikage, Higashinada-ku	080-8948-5757	6	8:00-19:00(Weekday)
Nada	Hug Hug	5-1-31 Kita-machi, Iwaya, Nada-ku	078-882-6432	4	8:00-19:00(Weekday)
	Pueri	2F, 4-2-7 Naka-machi, Iwaya, Nada-ku	078-802-5996	12	8:00-18:30(Weekday)
	Palasol	4-1-1-301-7 Bigo-cho, Nada-ku	078-846-3081	9	8:00-19:00(Weekday) 8:00-12:00(Saturday)
Chuo	Palmore	4-7-20 Kitanagasaku-dori, Chuo-ku	078-333-8270	4	8:00-19:00 (Weekdays/Saturday)
	Kangaloo	7-24-11 Nakayamate-dori, Chuo-ku	078-360-0242	4	9:00-17:00 (exc. Thursday, Sunday, Holiday)
Nagata	Chibimaru	2-1-2 Maruyama-cho, Nagata-ku	078-641-1718	6	8:00-19:00(Weekday)
	Ai Ai	1-12-3 Umegaka-cho, Nagata-ku	078-381-9669	9	8:00-18:30(Weekday)
	Tampopo	2-1 Ichiban-cho, Nagata-ku	078-521-9311	5	8:00-18:00(Weekday)
Kita	Angel-san no Ouchi	12-3 Aza Kokotani, Kamitanigami, Yamada-cho, Kita-ku	078-582-0111	6	8:00-18:00(Weekday)
	Waku Kids Care	1835 Kusakabe, Dojo-cho, Kita-ku	078-951-5050	4	8:00-18:00(Weekday)
	Mori no Ko	2F, 1-9 Shiawase-no-mura, Kita-ku	078-743-2122	4	8:00-18:30 (Weekday/Saturday)
Suma	Kids Care Zo-san Room	1-17-201 Yokoo, Suma-ku	078-747-3162	6	8:00-18:30(Weekday)
Tarumi	Pokke	4-15-15-302 Manabigaoka, Tarumi-ku	078-782-7665	6	8:00-19:00(Weekday) 8:00-12:00(Saturday)
	Manbo Room	B1 4-1-7 Sakagami, Tarumi-ku	078-751-2060	4	8:00-18:00(Weekday)
Nishi	Kureyon	3-13-8 Mikatadal, Nishi-ku	078-961-3348	6	8:00-19:00(Weekday)
	Nadeshiko	2-13 Higashimachi, Ibukidai, Nishi-ku	078-920-9505	4	8:00-19:00(Weekday)

Yakan Byouin/ Emergency Hospital for kids



Sa bansang Hapon pangunahing layunin ang kaligtasan at kalagayan ng mga bata. Kaya't may mga ospital na nakalaan para sa mga bata. Hiwalay ang pagamutan ng bata at ng matatanda. Hindi sila maaring patingnan sa may ospital ng matanda. Nararapat lamang silang patingnan sa Shonika o Children's clinic.

Ngunit sa pagpapalaki ng mga bata ay hindi maiiwasan na sila ay magkasakit o sumakit ang ngipin. Upang maagapan at hindi na maging balakid ang walang kaalalman tungkol dito. Napakahalagang alamin kung saan natin sila maaaring dalhin tuwing may emergency na gaya nito. Lalo na kung gabi at sarado na ang mga klinika, araw ng linggo o pista opisyal.

#7119 – kung kayo ay may alinlangan kung tatawag ba ng ambulansya o hindi. Tawagan ang numerong ito upang magtanong kung ano ang gagawin. Bukas ito ng 24 oras araw-araw.

MEMO



Listahan ng Emergency Hospitals for kids Yakan Byouin para sa mga bata

Name	Diagnosis and Treatment Department	Hours	Address	TEL
Kobe Children's Primary Emergency Medical Center	Pediatrics	19:30-6:30 of next morning (Weekday) 14:30-6:30 of next morning (Saturday) 8:30-6:30 of next morning (Holiday)	1-4-1, Wakinohamakaigandori, Chuo-ku (in HAT Kobe)	078-891-3999
Western Emergency Clinic	Pediatrics	9:00-16:40 (Holiday)	4-2, Gakuennishimachi, Nishi-ku	078-795-4915
	Internal Medicine	9:00-16:40 (Holiday)		
Emergency Clinic	Internal Medicine	21:00-23:40 (Weekday) 18:00-23:40 (Saturday) 9:00-16:40, 18:00-23:40 (Holiday)	4-1-20, Tachibanadori, Chuo-ku (the 1st floor of Kobe Medical Association building)	078-341-2313
	Ophthalmology	18:00-23:40 (Saturday, exc. holiday) 9:00-16:40 (Year-end /new year holidays)		
	Otolaryngology	18:00-23:40 (Saturday, exc. holiday) 9:00-16:40 (Holiday)		
Eastern Emergency Clinic	Internal Medicine	9:00-16:40(Holiday)	1-1-1, Kishijidori, Nada-ku (the 3rd floor of Kobe Nada Hall)	078-801-5199
Holiday dental clinic (Affiliate hospital of Kobe Dental Association)	Dentistry	9:30-14:30 (Holiday)	Rm 509, the 5th floor, Western Bld., Center plaza, 2-11-1, Sannomiyacho, Chuo-ku	078-331-8099
Kobe City Medical Center West Hospital	Internal Medicine	24 hours, everyday	2-4, Ichibancho, Nagata-ku	078-576-5251
	Surgery	24 hours, everyday		
Kobe City Nishi Kobe Medical Center	Internal Medicine	24 hours, everyday	5-7-1, Kojidai, Nishi-ku	078-997-2200
	Surgery	24 hours, everyday		



Asian Women's Empowerment Project

3-3-8 kaiun-cho Nagata-ku, Kobe-shi Hyogo-ken

Tel/Fax:078-734-3633

E-mail:awep@tcc117.jp

<https://www.tcc117.jp/awep>

*この冊子は、令和2年度神戸市「協働と参画」推進助成を受けて制作しています。